**Panuto:** Ilagay sa nakalaang kahon ang salitang SANHI o BUNGA kung ang may salungguhit sa pangungusap ay ang hudyat na nagpapahayag ng sanhi o bunga.

1. Isang pambihirang sanggol <u>sapagkat</u> pagkasilang ay nagsalita agad ito at siya na rin ang pumili ng pangalang Lam-ang.
2. Isang araw, naitanong ni Lam-ang sa kaniyang ina <u>kung</u> nasaan ang kaniyang ama.
3. Ikinalungkot ni Lam-ang ang nangyari sa kaniyang ama <u>dahil</u> hindi pa niya ito nakita buhat nang siya ay isilang.
4. Napakarumi ni Lam-ang at nasa katawan pa ang amoy ng kasamaan <u>kung kaya</u> ang mga isda sa ilog ng Amburayan ay namatay at nagsiahon sa pampang.
5. Sumang-ayon ang mga magulang ni Ines sa kasalan nila ni Lam-ang <u>kung</u> magbibigay ito ng panhik o bigay-kaya na kapantay ng kayamanan nina Ines.
6. Matapos na marinig ang kagustuhan ng mga magulang ni Ines ay agad naman itong sinang-ayunan ni Lam-ang <u>dahil sa</u> laki ng pagmamahal niya sa dalaga.
7. Nakikini-kinita ni Lam-ang na siya ay mapapatay at makakain ng malaking isdang berkahan, <u>ngunit</u> sa kabila nito ay hindi pa rin nagbago ang isip niya na hulihin ang isda.
8. Sa kaniyang pagtangis ay sinabi ng mahiwagang tandang kay Ines na mabubuhay muli si Lam-ang <u>kung</u> matitipon lamang ang mga buto ng asawa.
9. <u>Kaya</u> sa tulong ng maninisid ay natipin ang mga buto ni Lam-ang na iniluwa ng berkahan sa iba't ibang lugar.
10. Muling nabuhay si Lam-ang matapos tinipon at tinakpan ng saya ni Ines ang mga buto nito <u>kaya naman</u> namuhay nang maligaya ang mag-asawa kasama ang alagang aso at tandang.

LIVEWORKSHEETS